Ang Iyong mga Karapatan at Opsiyon para sa isang Medical Forensic Exam

Ano ang Medical Forensic Exam?

Ang may espesyalisadong pagsasanay na doktor, advanced practice provider, o nars (provider) ay maaaring magsagawa ng medical forensic exam kapag ang isang tao ay seksuwal na inatake o inabuso. Ang medical forensic exam ay isang pagsusuri mula ulo hanggang paa para matiyak ang iyong kalusugan at maghanap ng mga pinsala at ebidensiya na maaaring magamit sa imbestigasyon ng pulisya at sa pag-uusig. Maaaring kabilang sa seksuwal na panghahalay o pang-aabuso ang anumang hindi ninais na paghawak o paghaplos sa ilalim o sa ibabaw ng damit ng ilang bahagi ng iyong katawan; seksuwal na penetrasyon o seksuwal na kontak; ang paglilipat ng semilya sa mga bahagi ng katawan; at mga seksuwal na gawain na kinasasangkutan ng mga menor de edad.

Libre ang medical forensic exam. Ang eksaminasyon ay maaaring tumagal nang 2-6 na oras, depende sa pangangalagang kailangan mo, at sa ebidensiyang kokolektahin. Isasagawa ang eksaminasyon sa isang ospital o isang aprubadong pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon, ang ospital o aprubadong pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ay makikipag-ugnayan sa isang rape crisis counselor para pumunta at kausapin ka tungkol sa eksaminasyon at sa iyong mga opsiyon. Maaari ring samahan at suportahan ka ng counselor sa buong eksaminasyon. Maaari ka ring samahan at suportahan sa buong eksaminasyon ng pinili mong tao.

Bago magsimula ang eksaminasyon, talakayin sa provider ang anumang pangangailangan mo, tulad ng mga alalahanin sa trabaho o pangangalaga sa bata. Itatigil ng provider ang eksaminasyon anumang oras kung magdudulot ito sa iyo ng mental o emosyonal na pagkabalisa.

Layunin ng eksaminasyon na:

- Suriin ang iyong pisikal na kalusugan;
- Suportahan ang iyong kalusugan at paggaling
- Magbigay ng medikal na pagsusuri o paggamot, kung kinakailangan
- Mangalap ng mga posibleng ebidensiya.

Ano ang kasama sa eksaminasyon:

- Consent at Assent: Kakailanganin ng provider ang parehong pahintulot at ang iyong pagsang-ayon bago simulan ang medical forensic exam. Kahit pa may ibang magsabi ng oo, hindi mangyayari ang pagsusulit maliban na lang kung gusto mo. Maaari kang tumanggi o humiling na huminto anumang oras.
- Kasaysayang Medikal: Tatanungin ka ng provider tungkol sa nangyari noong panahon ng panghahalay. Ang mga katanungang ito ay makakatulong para gabayan ang iba pang bahagi ng eksaminasyon. Maaari mong sagutin ang mga tanong na ito, kung kinakailangan, maaaring tumulong sa pagsagot ang isang magulang, tagapag-alaga, o isang taong kasama mo.
- Pisikal na Eksaminasyon: Susuriin ng provider ang iyong katawan mula ulo hanggang paa para tingnan ang mga pinsala at mga posibleng mapagkukunan ng ebidensiya. Maaari ding kasama rito ang isang detalyadong eksaminasyon ng mga pribadong bahagi ng katawan (ari at puwit).
- Potograpiya: Hihilingin ng provider na kumuha ng mga litrato o video recording ng iyong katawan na maaaring mayroon kang pinsala, pananakit, o posibleng pinagmumulan ng ebidensiya.
- Pangongolekta ng Ebidensiya: Gagamitin ng provider ang Illinois State Police Sexual Assault Evidence Collection Kit para mangolekta ng posibleng ebidensiya mula sa iyong katawan. Depende sa impormasyong ibinigay sa panahon ng medikal na kasaysayan, maaaring kolektahin ng providerang iyong damit at i-swab ang iyong bibig, buhok, balat, mga kuko, ari o puwit. Magsusuot ang provider ng restraint sa buhok, face mask, at gown, at laging papalitan ang kanilang mga guwantes habang isinasagawa ang eksaminasyon para maiwasan ang kontaminasyon.

- Sistema ng Pagsubaybay sa Ebidensiya: May sistema ng pagsubaybay sa ebidensiya para lagi mong alam ang tungkol sa katayuan ng ebidensiya ng seksuwal na panghahalay na nakolekta sa pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan. Bago umalis sa pasilidad, makakatanggap ka ng K-number at 6 na digit na PIN. Ang impormasyong ito ay maaaring gamitin para tingnan ang katayuan ng ebidensiya sa sistema ng pagsubaybay. Kung sakaling mawala o ma-misplace mo ang iyong K-number o 6-digit na PIN, maaari kang makipag-ugnayan sa ahensiya ng pagpapatupad ng batas na humahawak sa iyong kaso at bibigyan ka nila ng K-number at 6 na digit na PIN.
- Pagsusuri para sa Ginamit na Droga at Alkohol Noong Oras ng Panghahalay: Itatanong ng provider kung gumamit ka ng droga o uminom ng alak. Itatanong din niya kung ikaw ay nakaramdam ng pagkahilo, pagsusuka, pagkawala ng malay, o nahihirapang makaalala. Ang mga tanong na ito ay makakatulong para malaman kung ang droga o alkohol ay maaaring ginamit habang nagaganap ang panghahalay. Ang pagiging tapat tungkol sa iyong mga ininom o kung ano ang iyong naramdaman ay makakatulong para matiyak na makukuha mo ang tamang pangangalagang medikal. Ang ihi na nakolekta bilang bahagi ng medical forensic exam ay maaaring magpakita ng nainom na droga o alkohol bago ang panghahalay, pero hindi ito gagamitin laban sa iyo.
- Medikal na Paggagamot: Susuriin ng provider ang anumang mga alalahaning medikal. Susuriin ka rin para sa mga sakit na naihahawa sa pamamagitan ng pakikipagtalik kabilang ang HIV at bibigyan ka ng anumang kinakailangang gamot. Kung naaangkop, susuriin ka ng provider para sa panganib ng pagbubuntis at maglalaan ng mga gamot na makakatulong para maiwasan ang pagbubuntis.
- Discharge at Follow-up: Tatalakayin sa iyo ng provider ang mga inirerekomendang follow-up appointment at pagsusuri. Makakatanggap ka rin ng impormasyon tungkol sa tulong pinansiyal.

Mga Batang Wala pang 13 Taong Gulang

Isasagawa sa bata ang eksaminasyon mula ulo hanggang paa na katulad ng kanilang regular na checkup sa opisina ng doktor. Maaaring tingnan ng provider ang labas ng ari at puwitang bahagi ng bata para suriin kung may mga pinsala at para mangolekta ng ebidensiya. Walang ipapasok sa puwerta o puwit ng isang bata. Mahalagang malaman na karamihan sa mga bata ay may normal na eksaminasyon, pero hindi ito nangangahulugan na walang nangyaring krimen.

Pagpayag sa Isang Medical Forensic Exam

Ang taong may kapasidad na magbigay ng pahintulot para sa medical forensic exam ay maaaring gawin ito nang mag-isa, kabilang ang mga menor de edad. Kung ang menor de edad ay hindi makapagbibigay ng pahintulot para sa medical forensic exam, ang isang magulang, tagapag-alaga, o health care power of attorney ang maaaring magbigay ng pahintulot. Kung ang isang nasa hustong gulang ay hindi makapagbibigay ng pahintulot para sa medical forensic exam, maaaring magbigay ng pahintulot ang isang tagapag-alaga, o health care power of attorney.

Hindi maaaring pawalang-bisa ng isang magulang, tagapag-alaga, o health care power of attorney ang desisyon ng pasyente. Hindi pipilitin ang isang eksaminasyon, at hindi kailanman pipigilan o bibigyan ng gamot ang pasyente para maisagawa ang eksaminasyon. Tatanungin ka ng provider kung ayos lang na ituloy ang bawat hakbang ng pagsusulit. Maaari mong ihinto ang eksaminasyon anumang oras o laktawan ang anumang bahagi ng eksaminasyon. Ikaw ang may kontrol sa kung ano ang mangyayari.

Kung pumapayag ka sa isang pagsusulit, hindi mo kinakailangang makipag-usap sa mga tagapagpatupad ng batas. Gayunpaman, dapat ipaalam ng ospital sa mga tagapagpatupad ng batas na may nangyaring krimen.

Kung ang pasyente ay wala pang 18 taong gulang, kinakailangang iulat ng ospital ang pang-aabuso o pang-aabuso sa Department of Children and Family Services (DCFS). Kinakailangan ng DCFS na agad na iharap ang mga ulat ng seksuwal na pang-aabuso sa mga tagapagpatupad ng batas.

Kung ang pasyente ay edad 60 o pataas, o edad 18-59 na may kapansanan at hindi makapag-ulat o makahingi ng proteksiyon para sa sarili, kinakailangang iulat ng ospital ang pang-aabuso o panghahalay sa Department of Aging. Maaaring makipag-ugnayan ang Department of Aging sa mga tagapagpatupad ng batas.

Pangongolekta ng Ebidensiya

Mahalaga ang pisikal na eksaminasyon para sa iyong kalusugan. Ikaw ang magpapasiya kung mangangalap ng ebidensya. Maaaring gamitin sa imbestigasyon ang mga ebidensiyang nakalap sa eksaminasyon.

Nakasalalay sa ilang bagay ang tsansang makahanap ng ebidensiya, kabilang ang dugo, semilya o laway. Kabilang dito ang uri ng seksuwal na panghahalay o pang-aabuso, kung nagpalit ka ng damit o naligo ka pagkatapos ng seksuwal na panghahalay, at kung gaano katagal na ang lumipas.

Maaaring hindi ka handa na ipakolekta ang ebidensya kaagad at iyon ay sarili mong desisyon. Sa paglipas ng panahon, maaaring mas lumiit ang posibilidad na makahanap ng ebidensiya. Mahalaga ring malaman na hindi lahat ng kit ay maglalaman ng ebidensiya pagkatapos makompleto ang pagkolekta, pero hindi iyon nangangahulugan na walang nangyaring krimen.

Mga Salik na Dapat Isaalang-alang Kapag Nagpapasiya Kung Pahihintulutan ang Pagkolekta ng Ebidensya

	Hinihikayat ang pangongolekta ng ebidensiya kapag:	**Maaari pa ring isagawa ang pangongolekta ng ebidensiya:**
Mga batang wala pang 13 taong gulang	Ang seksuwal na pang-aabuso o panghahalay ay naganap o maaaring naganap sa nakalipas na 72 oras.	Kung may ipinahiwatig na kasaysayan, maaaring kolektahin ang ebidensiya nang lampas sa 72 oras. Susuriin ang bawat kaso batay sa ibinigay na kasaysayan at pinakamahusay na kasanayan.
Mga kabataan at nasa hustong gulang na katumbas o higit sa 13 taong gulang	Nangyari sa nakalipas na 168 oras ang seksuwal na pang-aabuso o panghahalay.	Kung may ipinahiwatig na kasaysayan, maaaring kolektahin ang ebidensiya nang lampas sa 168 oras. Susuriin ang bawat kaso batay sa ibinigay na kasaysayan at pinakamahusay na kasanayan.

Walang nagbabawal sa pag-aalok ng medical forensic exam sa labas ng mga itinakdang panahon

Pangangalagang Medikal sa Isang Transfer Facility

Kung una kang pupunta sa isang transfer facility, maaaring hindi available ang ilang opsyon sa eksaminasyon. Walang mga kit para sa pagkolekta ng ebidensiya at sistema ng pagsubaybay sa ebidensiya sa mga transfer facility. Maaari o hindi ka maaaring alagaan ng isang provider na may espesyal na pagsasanay at maaaring hindi kumuha ng mga forensic na litrato.

Kung pipiliin mong manatili sa transfer facility, maaari ka pa ring makatanggap ng pangangalagang medikal at paggamot nang walang bayad. Maaari ka ring makatanggap ng voucher para sa 180 araw ng follow-up na pangangalagang pangkalusugan.

Maaari kang humiling na makipag-usap sa isang provider na may espesyal na pagsasanay para matulungan kang magdesisyon kung lilipat sa ibang pasilidad o sagutin ang anumang mga tanong mo.

Mga Benepisyo at mga Panganib sa Pagkolekta ng Ebidensiya

- **Wala kang babayaran.** Hindi ka dapat singilin para sa eksaminasyon. Kung mayr pribadong insurance ka, maaaring singilin ng ospital ang iyong insurance. Kung hindi ikaw ang pangunahing tao sa insurance at nag-aalala tungkol sa kaligtasan o pagkapribado, maaari mong piliing huwag gamitin ang iyong insurance.

- **May oras ka para magdesisyon kung gusto mong mag-report.** Maaaring mangailangan ng ilang panahon para magpasiya kung ano ang gagawin. Ang pagkakaroon ng medical forensic exam ay maaaring makatulong para mapreserba ang ebidensiya kung pipiliin mong mag-ulat sa ibang pagkakataon. Mayroon kang hanggang 10 taon pagkatapos ng panghahalay o hanggang sa iyong ika-28 na kaarawan, alinman ang mas matagal, para ipasuri ang ebidensiya.

- **Maaari nitong pataasin ang posibilidad ng pag-uusig.** Hindi matatawaran ang kahalagahan ng ilang uri ng ebidensiya sa mga kaso ng sekswal na panghahalay at pang-aabuso. Maaari itong makaapekto sa kahihinatnan ng isang kaso at maaari din nitong pigilan ang mga krimen sa hinaharap.

- **Mahalaga ang iyong kalusugan. Ang seksuwal na panghahalay ay maaaring makaapekto sa iyong pisikal na kalusugan.** Maaaring may mga pinsala o trauma ka na may kaugnayan sa panghahalay o pang-aabuso na hindi agad nakikita. Sa panahon ng eksaminasyon, maaari kang magamot para sa mga pinsalang ito, makatanggap ng pang-iwas na paggamot para sa mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik, at makakuha ng emergency contraception para maiwasan ang pagbubuntis.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan
sa Office of the Attorney General
Violence Prevention and
Crime Victim Services Division
115 Kalye S. LaSalle.
Chicago, Illinois 60603
(800) 228-3368

Maaaring makipag-ugnayan sa amin ang mga indibidwal na may kapansanan sa pandinig o pagsasalita gamit ang serbisyong 7-1-1 relay.

KWAME RAOUL
ILLINOIS ATTORNEY GENERAL

Alinsunod sa 410 ILCS 70/10(c) Ang Tanggapan ng Illinois Attorney General's Sexual Assault Nurse Ang Examiner Program, na may konsultasyon sa kalipikadong mga provider ng serbisyong medikal,